

Misa ng Espiritu Santo sa pagsisimula ng taon ng pag-aaral 2017-2018
Mateo 7:6, 12-14

- Nasa dulong bahagi ng tinatawag nating, “Sermon on the Mount” sa ebanghelyo ni San Mateo;
- Mga sawikain patungkol sa etika, ethical sayings, patungkol sa marapat na kilos at asal ng mga alagad ni Hesukristo;
- Mayroon tayong 3 sawikain, na magsisilbing aral sa misang ito at aral na rin sa pagsisimula ng taong ito

UNA, Huwag ibigay ang banal sa aso; huwag ihagis ang perlas sa baboy. Do not give what is holy to the dogs; do not throw pearls before swines. Bagay na banal, perlas – mahahalagang bagay!

Pumapasok na sa ating talasalitaan, sa ating usapin, sa ating diwa, ang salitang VALUE, ang HALAGA. Mga pinahalagahan natin, ang kahalagahan ng mga ginagawa natin, ang anumang magbibigay halaga sa ginagawa natin dito sa Letran.

Ang sabi ng ebanghelyo, pahalagahan ang may halaga; huwag itapon, huwag waldasin, huwag sayangin, huwag aksayahin.

Sa taong ito, ilulunsad natin ang ating bagong MISSION-VISION STATEMENT. At kung susumahin, hangad natin na maging REPUTABLE SCHOOL OF QUALITY EDUCATION, PAARALANG KILALA SA DE KALIDAD NA EDUKASYON. Ibig sabihin, pahahalagahan natin ang anumang magbibigay at madadagdag-halaga sa atin – sa ating pagtuturo at pag-aaral, sa pananaliksik, sa paglilingod sa sambayanan; sa pangangalaga sa bawat isang mag-aaral, guro, empleyado; sa pagsasaayos, pagpapatayo, pag-iingat sa gusali natin, gamit natin, paligid natin; sa pag-angat ng antas ng ating ginagawa at ginagampanan. [mga guwardiya, mga janitor, mga driver, mga nagluluto sa canteen, mga empleyado sa iba’t ibang tanggapan, mga guro – full-time man o part-time; mga pinunong akademiko at administratibo; mga mag-aaral, ang iba’t ibang RSO, ang LSC, ang Lance, ang mga manlalaro sa NCAA; ang mga alumno; mga paring Dominiko.] Pahahalagahan natin ang ating gawain; gagawin natin ang mahalaga para sa Letran. Huwag itapon sa aso; huwag ihagis sa baboy.

IKALAWA, ang tinaguriang GOLDEN RULE, Gawin sa kapwa ang ibig mong gawin nila sa inyo. Do unto others what you want them to do unto you. Hindi ito natatangi sa Kristiyano; mayroon din nito ang ibang relihiyon.

Pero, ano nga ba ang sinasabi nito? Simple lang, KATARUNGAN. Do what is just. Do what is right. Gawin ang tama. Gawin ang dapat. Huwag mandaraya. Huwag magnanakaw. Huwag magsisinungaling. Huwag gagawa ng masama. Iyan ang tunay na ginintuang pamantayang Kristiyano, at pamantayang Letranista.

IKATLO, Makipot na pintuan at makitid na daan. How narrow is the gate and how hard is the way! Ito ay patungkol sa buhay Kristiyano, na sentro ng sambayanang Letranista. At tahasan inaamin, hindi ito madali, mahirap ito.

Tunay na makitid na daan ang sabihing IBIGIN ANG KAAWAY, at subukang gawin ito sa taong nanakit sa iyo, gumawa ng masama sa iyo. Tunay na makitid na daan ang timbangin ang pagsunod natin sa ating budhi at batas. Tunay na makitid na daan ang paghirapan ang magpakabait kaysa ang madaling sarap ng mali at masama.

Pero, tayo ay Kristiyano. Tayo ay Letranista. Tumagal na taon ng halos 400 taon. Nasa ating ang kagitingin at kakisigan ng pagiging KNIGHT. Sumusunod tayo sa yapak ng mga bayani at banal na Letranista. Haharapin natin ang hirap at hamon; kakayanin natin at pagtatagumpayan!

Sa misang ito, sa taong ito, nawa ang ESPIRITUNG ARRIBA ay maging kaisa at isa sa ESPIRTU SANTO. Siya ang ating pinagmulan at patutunguhan, ang iiral, ang kasasama natin, ang biyaya at buhay natin.

Arriba Espiritu Santo! Arriba Letran!

27 Hunyo 2017